

Saan maaaring mangolekta ng malaking data?

Kung ikaw ay isang taong gumagawa ng mga application at laro para sa mga mag-aaral sa junior high school, anong uri ng impormasyon ang gusto mo?
Pag-isipan natin ito.



- Ano ang mga application na madalas gamitin ng mga mag-aaral sa junior high school?
- Ano ang uri ng mga laro na uso sa mga mag-aaral sa junior high school?

Kapag may gustong ibenta ang isang kumpanya, gumawa ng bagong produkto, o gustong malaman ang personal na impormasyon ng isang taong interesado dito.

At pag-isipan kung ano ang kailangan at kung ano ang gusto ng isang tao .

Paano malalaman ng mga kumpanya ang personal na impormasyon at kung ano ang gustong bilhin ng mga mag-aaral sa junior high school?



- Kapag humiling na sagutan ang questionnaire ng isang kumpanya
- Kapag nagbibigay ng libreng sample
- Kapag ni-like o ni-retweet ay makakatanggap ng isang regalo o iba pang campaign
- Kapag gumagamit ng libreng content

Sa palagay mo anong uri ng data ang kinokolekta?

Sa palagay mo kailan ito kinokolekta?

Pag-isipan natin ito.

Gustong malaman ng mga kumpanya kung ano ang mga site na palaging tinitingnan ng mga kostumer sa internet, kung ano ang ginagawa nila, at kung ano ang mga produktong kanilang hinahanap.



- Personal na impormasyon at kasaysayan ng paghahanap na inilagay noong nag-a-apply para sa isang campaign o libreng regalo na sample.
- Kasaysayan sa internet na pamimili, impormasyon sa pagpaparehistro ng libreng application.

- Suriin ang setting ng pamamahala sa pribado!
- Karamihan sa mga application ay may mga setting ng pribado upang limitahan o tanggihan ang impormasyong nakolekta.

Maaaring tanggihan ang pag-access sa iyong personal, lokasyon at mga kontak.

- Limitahan ang ibinabahagi!
- Kapag nag-i-install ng application, mag-ingat sa paglalagay ng personal na impormasyon at pagbibigay ng mga pahintulot.
- Suriin ang iyong patakaran sa privacy. Alamin kung paano ginagamit ang iyong impormasyon.
- Alamin kung paano hindi mananatili ang kasaysayan ng aktibidad.

Palaging magkaroon ng kaalaman kung kailan, saan at paano ibabahagi ang iyong personal na impormasyon.





Pinahahalagaha ang pagkapribado ng sarili, ng pamilya at mga kaibigan

Kung mayroon kang problema, mayroong tanggapan kung saan maaaring komunsulta sa wikang banyaga.

Human Rights Counseling for Foreign nationals

(Ministry of Justice)

Navi Dial

0570-090911

One stop center ng Multikultural ng Pangkalahatang Konsultasyon ng Shimane

(Shimane International Center)

Dial ng Konsultasyon

070-3774-9329

Lunes-Biyernes (hindi kasama ang mga pista opisyal, katapusan ng taon at Bagong Taon)
9:00 am -5:00 pm

Author: Tamami Imado Illustration : Yasuhiro Maeda

Produksyon: Division of Consumer Affairs (Shimane Prefectural Consumer Center)
Department of Environment and Civic Affairs Shimane Prefectural Government
Mga sanggunian: Common Sense Education https://www.commonsense.org/education/

Ipinagbabawal na kopyahin, i-print o ayusin ang bahagi o lahat ng nilalaman nang walang pahintulot ng lumikha at ng may-ari ng copyright.